# Pagpapakilala sa After School Children Club
# (Houkago Jidou Kurabu) 放課後児童クラブの紹介

## 1. Ano ang After School Children Club

Nagbubukas po kami ng After School Children Club sa 17 Elementary School Districts sa loob ng lungsod, sa layuning makalikha ng masiglang puso at katawan ng mga bata, sa pamamagitan ng paglalagay ng lugar na laruan at pamumuhay. Ang mga nalalapatang bata ay ang mga kasalukuyang nag-aaral sa Elementary, at walang makakasama sa bahay kapag tanghali, dahilan ng pagtatrabaho ng magulang o iba pa.

## 2. Pamantayan sa pagsali

Nalalapatan po ang lahat ng mga batang nag-aaral sa Elementary sa loob ng lungsod. Maaari pong makasali, kung ang magulang o ang kasama sabahay na Lolo at Lola na nasa edad 60 years old pababa, ay hindi maaaring makapag-alaga sa bata sa tanghali dahil samga sumusunod na dahilan.

・*Pagtatrabaho* Mayroong trabaho sa loob o labas ng tahanan. (Hindi po kasali dito ang gawaing bahay sa araw-araw.)

・*Panganganak* Kasalukuyang nagbubuntis o kakatapos palang manganak (nasa panahon na 2 buwan bago manganak, o 4 buwan pababa pagkatapos manganak)

・*Pagkakasakit* Mayroong malubhang sakit, o kapansanan sa puso o sa katawan

・*Care Giving* Mayroong kailangang alagaan o bantayan ng buong araw na iba pang membro ng pamilya etc.

・*Sakuna* Kasalukuyang bumabangon mula sa pagkapinsala dahilan ng lindol, bagyo, baha o sunog etc.

・*Iba pang mga kalagayan na katulad ng mga nasa itaas* (Kailangan mag-aral etc.)

**(Babala)**

・**Sa mga kasalukuyang naghahanap pa lang po ng trabaho, saka na po kayo mag-apply kapag natanggap na po kayo sa trabaho**. Itanong lang po ninyo hanggang sa Lifelong Learning Division ang detalye.

・Hindi po maaaring makasali kung ang dahilan ay [ Upang masanay sa pakikisama sa tao.] o [ Nahihirapan kasing alagaan ang bata.] o [ Yung kaibigan kasi ng bata ay pumupunta.].

・Ang Facility na ito ay isang lugar na pansamantalang ipapaalaga ang mga bata. Hindi po ito Care Giving o Nursing Facility. Sana'y maunawaan po ninyo.

・**Kung mayroon pong kapatid ang bata na kasali na sa After School Children Club, ngunit mayroon pang hindi nabayaran, hindi po maaaring makasali ng panibago ang kapatid niya.**

## 3. Petsa ng pagbubukas

・Weekdays (Mga araw na mayroon ding pasok sa paaralan)

Hanggang ６：３０ PM lang po ang After School Children Club

・Saturday, School Exchange Holidays, Long Vacation (Spring, Summer, Winter)

Mula ７：４５ AM hanggang ６：３０ PM

(Babala) Mahigpit pong ipinapatupad ang pagsundo sa loob ng itinakdang oras ng pagsasara.

※Patungkol sa mga batang nangangailangan ng paghahanda sa paraan ng pag-aasikaso, pag-usapan po muna ninyo maigi sa bahay. Sa aming lungsod ay mayroon po Family Support Center para sa pagpapalaki ng bata. Kung kinakailangan ay paki Check din po ninyo doon

## 4. Petsa ng pagsasara

・Sunday, Holidays (Red Calendar), Last and First Week of the Year (Dec. 29 ~ Jan. 3)

・Mga araw na sarado ang paaralan dahil sa sakuna o pagkakahawaan sa sakit

・Kung bandang ７：００ AM ay nagkaroon ng alert na mayroong 暴風(boufu/ strong wind) o 特別警報(tokubetsu keiho/ Special Alert)

・Mga iba pang araw na itatakdang sarado ang After School Children Club

（**Babala**）Bilang Emergency Measures sa panahon ng biglaang sakuna, minsan ay magsasara po kaagad.

## 5. Mga lugar na pagbubukasan

Hangga't maaari ay ipasok po ninyo ang bata sa After School Children Club ng kanyang pinapasukang Elementary School.

| Pangalan | Address | Phone Numbers |
|---|---|---|
| Joutou Elementary School | Hikone-shi Kyoumachi Nichoume 2-19 | 090-8167-5488 |
| Jousei Elementary School | Hikone-shi Honmachi Sanchoume 3-22 | 090-8167-5517 |
| Jounan Elementary School | Hikone-shi Nishiima-cho 383 | 0749-22-1027 |
| Hirata Elementary School | Hikone-shi Hirata-cho 267 | 090-8167-5584 |
| Jouhoku Elementary School | Hikone-shi Matsubara-cho 3751-3 | 0749-22-8078 |
| Sawayama Elementary School | Hikone-shi Yasukiyo-cho 11-32 | 0749-26-5033 |
| Asahinomori Elementary School | Hikone-shi Higashi Numanami-cho 455 | 0749-27-3954 |
| Jouyou Elementary School | Hikone-shi Kanro-cho 430 | 090-8167-5569 |
| Wakaba Elementary School | Hikone-shi Rendaiji-cho 180 | 080-1443-5834 |
| Kinjou Elementary School | Hikone-shi Ooyabu-cho 391 | 0749-22-1037 |
| Toriimoto Elementary School | Hikone-shi Toriimoto-cho 1550-1 | 090-8167-5637 |
| Kawase Elementary School | Hikone-shi Gokurakuji-cho 118 | 090-8167-5602 |
| Kameyama Elementary School | Hikone-shi Katayama-cho 8 | 0749-28-3905 |
| Takamiya Elementary School | Hikone-shi Takamiya-cho 2447 | 0749-22-2033 |
| Inae Higashi Elementary School | Hikone-shi Inabe-cho 308 | 090-5010-4439 |
| Inae Nishi Elementary School | Hikone-shi Honjou-cho 3583 | 090-3848-9755 |
| Inae Kita Elementary School | Hikone-shi Shimookabe-cho 597 | 090-5886-3960 |

## 6. Bayarin

(1) Patungkol sa bayarin

**Mag-iiba po ang halaga ng bayaran mula Reiwa 6 (2024). Sana'y alamin na po ninyo kaagad.**

| Panahon | Halaga |
|---|---|
| Normal Months（Maliban po sa August） | Monthly ￥ 8,000 |
| Summer Vacation Only（at yung mga naka-apply ng Whole Year, at gagamit kapag August） | ￥13,000 |
| Winter Vacation, Last at First Week sa Year Batch Spring Vacation | Bawat Season ￥ 3,000 |
| Saturday（Hindi po maaari ang Saturday Course Only） | Monthly ￥ 2,000 |

**(Babala)**

・Lahat ng nakasaad na halaga, ay bayaran po para sa kada isang bata.

・**Sa mga nakapag-umpisa ng magpa-member, ngunit minsan lang pumasok o hindi talaga pumasok, wala pong bawas bayad ayon sa ipinasok na araw lang.** Sa mga magpapatanggal ng Membership sa kalagitnaan, kailangan parin po ninyo bayaran ng buo ang bayad para sa buwan na iyon.

・Sa mga gagamit din sa Saturday sa Normal Months o Summer Vacation, kinakailangan po ng dagdag bayad na ￥２，０００. Sa mga nakapag-apply na ng gagamit din sa Saturday, kahit na minsan lang pumunta sa Saturday, ay kailangan parin pong bayaran ang buong halaga.

・Sa mga batang gagamit sa buong taon, at saka gagamit din sa Spring Vacaion, Winter Vacation, ay hindi na po ninyo kailangan ang dagdag bayadna ￥３，０００.

・Maliban po sa mga bayaran na binanggit sa itaas, sa bawat After School Children Club ay nagsasagawa ng Collection bilang Class Fee, para po pambili ng mga Snacks.

(2) Patungkol sa bawas bayad

Sa mga batang mayroong kapatid na sabagy gagamit, o Single Parents Household, o kasalukuyang tumatanggap ng Livelihood Protection (SEIKATSU HOGO), ay mayroon pong bayad ayon sa nakasaad sa ibaba. Sa mga nagnanais ng bawas bayad, nangangailangan po kayong magpasa ng iba pang papeles.

| Dahilan ng bawas bayad | Halaga | Kinakailangang papeles |
|---|---|---|
| Magkapatid na sabay（ang malalapatan ng bawas bayad, ay ang mula sa pangalawang bata） | kalahati ang ibabawas | WALA<br><br>（Babala）Nalalapat lang po ito, kung magkasabay at parehong Course ang magkapatid,<br><br>（Kung yung kuya ay Long Vacation Couse lang, at ang kapatid na babae ay Whole Year Course, ay hindi po malalapatan.） |
| Single Parent Household | kalahati ang ibabawas | mga Xerox Copy ng...<br><br>・**<u>Genmen Shinsei-sho</u>** (Reduction/Exemption Application Form)<br><br>・**<u>Jidou Fuyou Teate Shousho</u>** (Child Rearing Allowance Certificate)<br>**OR** **<u>Fukushi Iryouhi Jukyuu-ken (boshi･fushi katei taishou no mono)</u>**<br>(Welfare medical expenses receipt ticket ng bata at magulang / na para sa Single Parent)<br><br>（Babala）Hindi po maaari ang ibang papeles maliban sa kung alin sa dalawang ito. |
| Tumatanggap ng Livelihood Protection (SEIKATSU-HOGO) | Libre | ・**<u>Genmen Shinsei-sho</u>** (Reduction/Exemption Application Form)<br><br>・**<u>Seikatsu Hogo Jukyuu-sha Shoumei-sho</u>**<br>(Katibayan na tagatanggap ng Livelihood Protection) |
| Nahihirapan sa pamumuhay dahilan ng mga sakuna etc. | kalahati ang ibabawas | ・**<u>Genmen Shinsei-sho</u>** (Reduction/Exemption Application Form)<br><br>・**<u>Risai Shoumei-sho</u>** (Katibayan na nakaranas ng mga sakuna) |

Sa mga Single Parent at magkasabay gagamit ang mga batang magkakapatid, magiging 1/4 nalang po ang ang babayaran ninyo para sa pangalawang bata at susunod.

(Babala)

・Kung mayroong maiiba sa aplikasyon sa bawas bayad, ipagbigay-alam po ninyo kaagad sa Lifelong Learning Division.

・Kung hindi naman na nalalapat para sa bawas bayad, at hindi parin nag-paalam, ay iapapabayad po ng buo ang para sa mga nakalipas na panahon.

・**Ayon po sa pagsasaayos ng palatuntunan, hindi na po kailangan magpasa ng Genmen Shinsei-sho (Reduction/Exemption Application Form) kapag gagamit din ang kapatid ng bata, na magkasabay sila.**

(3) Patungkol sa pagsali sa Insurance

Ang Hikone After School Children Club ay nagsisikap na mapanatili ang kaligtasan ng mga bata. Ngunit bilang paghahanda sa mga biglaang aksidente sa pangangatawa, ay kailangan pong sumali sa 「Sports Safety Insurance (A1 Category)」. Nagkakahalaga po ito sa isang taon na 800 kada tao. Kayo po ang magbabayad ng buo para dito. Sisingilin po ito ng After School Children Club pagkatapos na makapagpa-member ang bata. Patungkol po sa mga detalye, itanong lang po ninyo sa After School Children Club na pinapasukan ng bata.

## 7. Patungkol sa pagpasok kapag Saturday

Sa mga batang nangangailangan ng mayroong mag-aalaga kapag Saturday, maaari po kayong makapag Apply Monthly. Ngunit HINDI PO MAAARI ANG SATURDAY ONLY. Sa mga nagnanais po gumamit kapag Saturday, ipasa lang po ninyo sa After School Children Club yung papeles na [放課後児童クラブ土曜日利用申込書/ houka-go jidou kurabu doyoubi riyou moushikomi-sho/ Aplikasyon para sa pagpasok sa After School Children Club kapag Saturday]. Sa mga nakapag-apply na ng aplikasyon para sa pagpasok sa Saturday, ngunit sa susunod na buwan ay hindi na gagamit, ipasa na po ninyo kaagad yung [放課後児童クラブ土曜日利用停止届書/ houka-go jidou kurabu doyoubi riyou teishi-todoke-sho/ Aplikasyon para sa pagpapatigil ng pagpasok sa After School Children Club kapag Saturday].

Patungkol po sa detalye ng **(Mga dadalhin),** ay itawag po ninyo sa papasukang After School Children Club.

・Snacks : Kanya-kanyang dala. (Sa mga Club na nagsasagawa lang po ng Snacks Time)

・Obento (Baon o biniling pagkain): Sa mga mananatili sa Club hanggang hapon kapag Saturday.

・Inumin : Kanya-kanyang handa.

・Studies Set : Maglalagay po kami ng oras ng pag-aaral, kaya't pagdalahin po ninyo ng Kanji or Keisan Drills ang bata.

**(Babala)**

・**Sa mga nakapag-apply sa bandang umpisa ng buwan, kahit paminsan-minsan lang gumamit kapag Saturday, ay magbabayad parin po ng buo.**

・Sa mga naka apply na gagamit kapag Saturday, ngunit liliban muna sa pagpasok dahil sa anomang dahilan, ay ipagbigay-alam po ninyo sa After School Children Club Assistants etc.

・Kung sakaling wala pong bata na gagamit kapag Saturday, ay isasara po namin sa mga oras na walang batang papasok. Patungkol po sa mga araw na bukas kapa Saturday, tiyakin po ninyo sa kanya-kanyang After School Children Club sa pamamagitan ng telepono.

## 8. Patungkol sa pagpasok at pag-uwi

Kinakailangan po na magulang o tagapag-alaga ng bata ang maghahatid-sundo. Bilang pag-iingat, hindi po namin pinahihintulutan na pumasok o umuwi mag-isa ang bata. Hanggang ６：３０ PM po ang itinakdang oras ng pagbubukas ng Club, kaya pakisundo po kaagad ang bata. Kung sakaling hindi po ninyo masusundo, maaari po kayong sumangguni sa Hikone City Family Support Center Enterprise etc. upang masunod ang oras ng pagsundo. Hindi po maaaring bumalik ulit sa pagpasok, kapag nakauwi na.

## 9. Proseso sa pagsali

Ang panahon po ng tanggapan ng pag-aaply para sa Year Batch 2026, ay mula po Oct. 1, 2025(wed) hanggang Oct. 31 (fri). Hangga't maaari ay Online Application po. Pagkatapos na makapag-apply sa Online, ipasa po ninyo sa papasukang After School Children Club, yung mga kinakailangang papeles.

Sa mga mag-aaply sa kalagitnaan ng Year Batch, ay dalhin po ninyo yung mga kinakailangang papeles sa papasukang After School Children Club, o sa Lifelong Learning Division. **Kung sakaling sa ibang panahon po kayo mag-aaply, ay kinakailangan po ng mga 2 Weeks na paghihintay, upang mapagpasyahan po ang inyong aplikasyon. Sana'y maunawaan po ninyo na hindi po kaagad makakapasok ang bata.**

Maaari pong makakuha ng mga kakailanganing papeles sa bawat After School Children Club, o sa Lifelong Learning Division sa Main City Hall (3rd Floor). Maaari din po itong mai-download mula sa Homepage ng Hikone.

(Babala)

・Kung wala pong maipapasang kinakailangang papeles katulad ng papel ng katibayan sa pagtatrabaho, ay hindi po namin matatanggap. Madalas po inaabot ng matagal ang pagkuha ng papel ng katibayan sa pagtatrabaho. (就労証明書 shuurou shoumei-sho). Masmaigi po na humingi na po kayo nito ng maaga bago ang aplikasyon.

・Kung marami po ang bilang ng nag-aaply, uunahin po namin yung mga nasa mababang baitang sa pagpapasya. Uunahin din po namin yung mga nag-apply sa loob ng itinakdang panahon. Mayroon pong mga After School Children Club, na nangangailangan ng paghihintay.

・**Kung mayroon pong pagsisinungaling sa impormasyon sa mga papeles, o mayroon pang hindi nababayaran na bayaran sa After School Children Club sa nakaraan, ay hindi po maaaring makapag-apply ng panibago.**

・Isasagawa po namin sa ibang panahon ang pagtanggap sa mga Summer Vacation Period Only Application.

**Mga kinakailangang papeles**

**(1) 入会申込書 (nyuukai moushikomi-sho / Membership Application Form)**

**( Isang Application Form po kada isang katao)**

Paki sulatan po ninyo yung mga kinakailangang parte. Mag-ingat po kayo na walang makagpasan.
Sa mga nangangailangan din ng pag-aalaga kapag Saturday, mapasa po kayo ng [土曜日利用申込書/ doyoubi riyou moushikomi-sho/ Aplikasyon para sa pagpasok sa Saturday].

**(2) Mga papeles na nagpapatunay na hindi po ninyo maalagaan ang bata kapag tanghali**

Kailangan po ang papeles ng magulang. Kung mayroon pong kasamang Lolo o Lola sa bahay na nasa 60 y/o pababa, ay kailangan din po ng papeles para sa kanila.

| Kalagayan ng kasama sa bahay | Kinakailangang papeles |
|---|---|
| Kung nagtatrabaho | **Shuurou Shoumei-sho (Katibayan ng pagtatrabaho)**<br><br>Makukuha po ito sa amin, at saka po ninyo pasulatan sa inyo pong Employer.<br><br>Kung mayroon pong kapatid ang bata na nasa Nursery School (hoikuen) at mag-aaply din ng para doon, maaari pong yung Xerox Copy nalang ng Shuurou Shoumei-sho ang ipasa po ninyo.<br><br>※Sa mga Self Employed, isama po ninyo yung mga papeles na malalaman ng kalagayan ng kita ng inyong sariling Business (Xerox Copy ng **Business start-up certificate, Business start-up notification, Tax return** etc.) |
| Kung kasalukuyang buntis, o kakapanganak palang (Nalalapat lang po ito mula dalawang buwan bago manganak hanggang apat na buwan pagkapanganak.) | Xerox Copy ng **Boshi Techo (Mother and Child Handbook)**<br><br>(Paki Xerox Copy po ninyo yung Cover at sa yung Page na nakasulat ng petsa ng panganganak.) |
| Mayroong sakit, kapansanan sa puso o katawan | Xerox Copy ng **Shinda-sho (Medical Certificate** (na nakasulat ng panahon ng pagpapagamot), **Shintai Shougai-sha Techo (Handicapped Person Handbook)** OR<br>**Ryouiku Techo (Rehabilitation Handbook)** |
| Mayroong kailangan alagaan na iba pang kasama sa bahay sa buong araw | Medical Certificate, Handicapped Person Handbook OR Rihabilitation Handbook na nagpapatunay na kailangan ng pag-aalaga |
| Mga kalagayang kauri ng nasa itaas.<br>(Kailangan mag-aral ng dapat taga-bantay etc.) | **Zaigaku Shoumei-sho (Katibayan na nag-aaral)**<br>Maaari po kayong magtanong ng detalye sa Lifelong Learning Division |

(Babala)

Pagkatapos na makapag-membership, ngunit mayroon ng makakapag-alaga, kinakailangan po na ialis na ang Membership ng bata.

**(3) [土曜日利用申込書/ doyoubi riyou moushikomi-sho/ Aplikasyon para sa pagpasok sa Saturday] para sa mga nangangailangan din ng pag-aalaga kapag Saturday**

**(4)[減免申請書/ genmen shinsei-sho/ papel ng katibayan na nabawasan ang mga bayarin sa taxes etc.]**

**(Ito po ay para lang sa mga nagnanais ng bawas bayad)**
Ipasa po ninyong papeles, ay yung mayroong kaugnayan sa inyong dahilan ng pagnanais ng bawas bayad. Patungkol po sa mga kakailanganing papeles sa bawat dahilan, nasa **Page 3** po ito sa **(2) Patungkol sa bawas bayad**

(Babala)

・Kung wala po kayong maipapasang papeles na katibayan ng pagtatrabaho, ay hindi po namin matatanggap ang inyong aplikasyon. Madalas po matagal makakuha ng papeles na katibayan sa trabaho mula sa inyong trabaho. Kaya't paki agahan nalang po ang pagkuha nito.

・Patungkol po sa mga nag-apply sa Online, ay hindi na po ninyo kailangan magpasa pang muli ng aplikasyon sa pamamagitan ng papel. Ang ipapasa nalang po ninyo ay ang mga papeles na nagpapatunay na hindi po ninyo maaalagaan ang bata sa tanghali, o mga papeles na kinakailangan sa aplikasyon ng bawas baya.

## 10. Mga Remarks

・Kung nakakapagdulot ng gulo ang bata, o hindi nakakapagbayad sa After School Children Club, ay tatanggalin po namin ang Membership Registration. Sana'y maunawaan po ninyo.

・Kung mayroon po kayong nais maliwanagan, itanong lang po ninyo sa Lifelong Learning Division o sa kanya-kanyang After School Children Club.


## Contact

**彦根市教育委員会事務局　生涯学習課　子ども支援係（彦根市役所３階）**

**Hikone-shi Kyoiku-iinkai Jimu-kyoku, Shougai Gakushuu-ka, Kodomo Shien-kakari (Hikone Shiyaku-sho Sangai)**

Hikone City, Board of Education Office, Lifelong Learning Division, Children Assist (Hikone City Hall 3rd Floor)

**TEL：0749-24-7974**